## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa pagpapadala kay Jesus upang palayain tayo at tulungang mamuhay nang ayon sa Espiritu. Pasalamatan Siya na ang lahat ng ito ay naaayon sa Kanyang biyaya at hindi mo kailanman mapag-iipunan o kaya ay maiwawala ang iyong posisyon bilang Kanyang anak.
- Hingin sa Diyos na patuloy na ipaalala sa iyo na ikaw ay hindi na hinahatulan kundi pinalaya na. Ipanalangin na magkaroon ka ng lakas ng loob upang mamuhay nang naaayon sa iyong pagkakakilanlan sa Kanya at sa kapangyarihan ng Kanyang Espiritu.
- Ipanalangin na gamitin ka ng Diyos upang tulungan ang iba na malaman ang kanilang pagkakakilanlan bilang mga anak Niya na malaya sa pagkondena o pagkabihag ng kautusan.

## NOTES

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

© 2020 by VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.

victory.org.ph

THE GOSPEL EXPLAINED

# Buhay sa Espiritu

WEEK 12

## WARM-UP

- Mayroon ka bang palayaw na gustong-gusto mo? Paano ka nagkaroon ng ganitong palayaw at sino ang tumawag sa iyo sa pangalang ito?
- Ibahagi ang isang karanasan na hindi mo malilimutan kung saan may natanggap kang bagay na walang bayad. Bakit ito naging makabuluhan para sa iyo?
- Ano ang isang bagong kakayahan na nais mo sanang matutunan? Bakit mo ito nais na matutunan?

## WORD

*[1]Kaya ngayon, hindi na hahatulan ng kaparusahan ang mga nakay Cristo Jesus. [2]Sapagkat sa pakikipag-isa natin kay Cristo Jesus, pinalaya na tayo sa kapangyarihan ng kasalanan at kamatayan sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu na nagbibigay-buhay.*
*[3]Ang Kautusan ay hindi makapag-aalis ng kapangyarihan ng kasalanan sa ating buhay dahil sa kahinaan ng ating makasalanang pagkatao. Ang Diyos ang nag-alis nito nang isinugo niya ang sarili niyang Anak sa anyo ng isang taong makasalanan upang handog para sa ating mga kasalanan. At sa kanyang pagiging tao, tinapos na ng Diyos ang kapangyarihan ng kasalanan. [4]Ginawa ito ng Diyos para ang ipinatutupad ng Kautusan ay matupad nating mga namumuhay sa patnubay ng Banal na Espiritu at hindi ayon sa ating makasalanang pagkatao.*

**MGA TAGA-ROMA 8:1–4**

Sa Mga Taga-Roma 8, ipinaliwanag ni Apostol Pablo kung paanong ang ginagawa ni Cristo at ang ating tugon sa Kanya sa pananampalataya ay nagbigay sa atin ng bagong pagkakakilanlan—mula sa pagiging mga alipin sa kautusan at kamatayan hangang sa pagiging mga anak ng Diyos. Dahil sa tayo ngayon ay mga anak na ng Diyos, malaya na tayo sa pagkondena, at naaapektuhan nito ang

ating mga pag-uugali at ikinikilos. Magagawa na rin nating mabuhay sa gabay ng Banal na Espiritu. Ipinakita ni Apostol Pablo ang pagkakaiba nang pamumuhay ayon sa laman, na nangangahulugan ng makasalanang pag-uugali at pamumuhay ayon sa Espiritu. Dati tayong nabubuhay ayon sa mga dapat at hindi natin dapat gawin na kailanman ay hindi natin matutupad nang ganap. Subalit dahil kay Jesus at sa Kanyang ginawa sa krus, tinupad Niya ang kautusan at pinalaya Niya tayo mula sa pagkabihag. Paano tayo dapat mamuhay ngayon nang naaayon sa bago nating pagkakakilanlan?

## 1 Ituon ang iyong pag-iisip sa mga bagay na ayon sa Espiritu.

*[4]. . . para ang ipinatutupad ng Kautusan ay matupad nating mga namumuhay sa patnubay ng Banal na Espiritu at hindi ayon sa ating makasalanang pagkatao. [5]Sapagkat ang mga taong namumuhay ayon sa kanilang makasalanang pagkatao ay walang ibang iniisip kundi ang nais ng kanilang pagkatao. Pero ang tao namang namumuhay ayon sa Banal na Espiritu ay walang ibang iniisip kundi ang nais ng Banal na Espiritu. [6]Ang kahihinatnan ng pagsunod sa nais ng makasalanang pagkatao ay kamatayan, pero ang kahihinatnan ng pagsunod sa nais ng Banal na Espiritu ay kapayapaan at buhay na walang hanggan.*

**MGA TAGA-ROMA 8:4–6**

Ang mga tagasunod ni Jesus ay may bagong kaisipan. Kung tayo malayo sa Kanya, ang likas sa atin ay ang mag-isip nang ayon sa kagustuhan ng laman. Kay Cristo, ang ating pansin at pag-iisip ay maaaring maging tungkol sa kung anuman ang nakalulugod sa Diyos. Mayroon na rin tayong Banal na Espiritu, na bumabago sa ating mga pag-iisip. Itatakda ng paraang ito ng pag-iisip kung paano tayo kikilos at gagawa ng mga desisyon. Paano mo magagawang ituon ang iyong isipan sa Espiritu araw-araw?

## 2 Hayaang patnubayan ka ng Espiritu.

*Ang mga taong pinapatnubayan ng Espiritu ng Diyos ay mga anak ng Diyos.* **MGA TAGA-ROMA 8:14**

Ang pagkakakilanlan natin kay Cristo ay bumago sa paraan natin ng pamumuhay. Dati, ang ating mga kilos ay naaayon sa ating pagiging makasalanan. Ngayon, ang Banal na Espiritu ay gumagabay sa atin hindi lamang sa pagiging espirituwal, kundi sa lahat ng aspeto ng buhay. Ang pagtupad sa kagustuhan ng Diyos sa ating buhay ay nangangailangan ng higit pa sa ating kakayahan at sariling kagustuhan. Nangangailangan ito ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu. Kung nais nating makita ang bunga ng Espiritu sa ating mga buhay, kailangan nating mamuhay nang naaayon sa Kanyang pamamaraan. Ano ang isang bahagi ng iyong buhay na isinuko mo sa pamumuno at kagustuhan ng Banal na Espiritu? Paano nito nabago ang paraan mo nang pamumuhay?

## APPLICATION

- Paano mo maitutuon ang iyong pag-iisip sa mga bagay na ayon sa Espiritu? Ano ang isang bagay na maaari mong gawin upang mapalalim ang iyong relasyon sa Diyos bilang iyong Ama?
- Pag-isipan ang mga Taga-Roma 8:14 ngayong linggo. Ano ang isang bahagi ng iyong buhay na magbabago ngayon na alam mong sa pamamagitan ng Espiritu, pinalaya ka na mula sa kautusan?
- Paano naapektuhan ng pamumuhay sa Espiritu ang ugnayan mo sa iba? Ngayong linggo, tulungan ang isang tao na maintindihan ang kalayaan na ibinibigay ni Jesu-Cristo.